

特例貸付の償還免除に関して、よくあるご質問 (FAQ)

[Q1. Application documents](#)

[Q2. Residence tax exemption](#)

[Q3. Loan](#)

[Q4. Pagbayad ng utang](#)

[Q5. Deferment period](#)

[Q6. Loan withdrawal](#)

[Q7. Redemption exemption](#)

[Q8. Abiso ng iba't ibang pagbabago](#)

[Q9. Tugon sa mga dayuhan](#)

[Q10. Iba pa](#)

Q1. Application documents

Q1. Mangyaring pakituro kung papano susulatan ang application documents.

A1. Pakitignan ang nai-post sa website ng Tokyo Council of Social Welfare kung papaano punan ang form.

Q2. Iba ang pangalang nakalagay sa natanggap na envelope.

(Naka-print ang pangalan ng pamilya)

A2. Sa kaso ng pangalan ng pamilya, ang taong iyon ang borrower kaya mangyaring gawin ang mga kinakailangang proseso.

Q3. Nagkamali ako sa pagsulat ng mga dokumento na isusumite.

A3. Mangyaring itama ang maling bahagi sa pagsulat ng dobleng linya at muling isulat ang tama sa itaas nito. (Hindi na kailangan pang gumamit ng name seal (hanko) kung nagkamali)

Q4. Bakit ako nakatanggap ng maraming exemption application?

A4. Kami ay nagpadala ng Repayment Exemption Application Form kopyaara sa bawat hiniram na pondo. Kung kayo ay nanghiram ng Emergency Small Amount Funds at Comprehensive Support Funds (unang loan), kami ay magpapadala ng 2 Repayment Exemption Application Form. Mangyaring tandaan na ang aplikasyon ay dapat isagawa sa bawat hiniram na pondo.

Q5. Saan ako maaaring makakuha ng mga kinakailangang dokumento, at may bayad ba?

A5.

【City Hall】

①Certificate of Residence (Juminhyo)

②Tax Exemption Certificate (hikazeishoumeisho) (Nanghiram / Head of Household)

【Nakalakisap na dokumento】

③Repayment Exemption Application Form

*Kung ang ③ ay dalawa, kailangan mo din ng 2 kopya ng ① at ②. (Kahit photocopy lang ang isang piraso.)

Sa karagdagan, depende sa munisipalidad, maaaring walang bayad ang mga

certificate ①② na ginagamit para sa mga pamamaraan tulad ng mga pautang na may kaugnayan sa COVID-19.

Para sa ③, mangyaring gamitin ang kalakip na application form.

Q2. Residence tax exemption

Q1. Paano ako makakakuha ng tax exemption certificate?

A1. Pakitignan ang video na "Tungkol sa Residence Tax Exemption" na naka-post sa website ng Tokyo Council of Social Welfare.

Q2. Gusto kong makuha ng tax exemption certificate, pero hindi ko pa idineklara ang aking income.

A2. Mangyaring magtanong sa tax department ng munisipyo sa iyong lugar.

Q3. Maari bang mag-issue ng "tax exemption certificate" ang isang branch ng municipal office?

A3. Kung naideklara mo na ang iyong tax return, maaari mo itong makuha sa branch ng municipal office.

Kung hindi ka pa nagfile ng tax return, magdedepende sa munisipyo kung pupwede ka pa magfile ng tax return o hindi. Mangyaring pakicheck muna sa lokal na tax department sa iyong nasasakupan.

Q4. Kung ang taong 2021 ay taxable, okay lang bang mag-sumite ng tax exemption certificate para taong 2022?

A4. Mangyaring isubmit ang tax exemption certificate para sa taong 2022.

Q5. Kung ang taong 2022 ay taxable, okay lang bang mag-sumite ng tax exemption certificate para taong 2021?

A5. Mangyaring isubmit ang tax exemption certificate para sa taong 2021.

Q6. Hindi ko alam kung paano i-check kung exempt ako sa residence tax.

A6. Pakitingnan ang video na tungkol sa residence tax exemption na naka-post sa Tokyo Council of Social Welfare website at suriin sa tax department ng munisipyo.

Q3. Loan

Q1. Hanggang kailan ko maaaring mag-apply ng re-lending ng Comprehensive Support Funds ?

A1. Hindi na tinatanggap ang re-lending simula sa katapusan ng Disyembre 2021.

Q2. Posible bang lumipat sa Tokyo at mag-apply ng re-lending kahit may katulad na pautang sa ibang prefecture?

A2. Hindi na tinatanggap ang re-lending ng pagpapahiram.

Tumatanggap kami ng mga Emergency Small Amount Funds at Comprehensive Support Funds (sa unang loan) hanggang Marso 31, 2022, ngunit pakitandaan na ang parehong mga pondo ay hindi maaaring gamitin nang higit sa isang beses kahit na magkaiba ang mga prefecture.

Mangyaring suriin sa Social Welfare Council ng iyong munisipyo.

Q3. Mayroon bang interes sa mga Special Loan para sa Emergency Small Amount Funds at Comprehensive Support Funds?

A3. Ito ay walang interes. Gayunpaman, kung lumipas na sa deadline ng pagbayad, 3% bawat taon ng delinquent interes ay sisingilin sa natitirang prinsipal.

Q4. Kung ako ay nakipagdiborsyo pagkatapos humiram ng Emergency Small Amount Funds, posible bang humiram ng karagdagan?

A4. Kung may pagbaba sa kita, dahil sa Corona virus, sa bawat sambahayan pagkatapos ng diborsiyo, ito ay magiging eligible para sa Comprehensive Support Funds (unang loan)..

Q5. Kailangan ba ng guarantor?

A5. Hindi kailangan.

Q4. Pagbayad ng utang

Q1. Ano ang ibigsabihin ng “redemption ng mga Special Loan tulad ng Emergency Small Amount Funds”?

A1. Ang ibig sabihin ng “redemption” ay “repayment”. Kung ikaw ay nahihilapan sa pamumuhay dahil sa COVID-19 at humiram ng isang Special Loan tulad ng Emergency Small Amount Funds, at hindi mo natutugunan ang mga kinakailangan para sa redemption exemption, kakailanganin mong bayaran ang utang.

Q2. Hindi ako eligible para sa exemption.

Kailan magsisimula ang pagbabayad?

A2. Ang Emergency Small Amount Funds at Comprehensive Support Funds (unang loan) na nai-remit bago Disyembre 2021, repayment ay magsisimula sa Enero 2023.

Ang Emergency Small Amount Funds at Comprehensive Support Funds (unang loan) na nai-remit pagkatapos Disyembre 2021, repayment ay magsisimula pagkatapos ng isang taon mula kasunod ng buwan kung kailan nakumpleto ang pagpapadala.

Q3. May utang ako sa parehong Emergency Small Amount Funds at Comprehensive Support Funds, kung hindi ako eligible para sa redemption exemption, kailangan ko bang bayaran ang dalawa?

A3. Parehong dapat bayaran.

Q4. Magsisimula ba ang pagbabayad nang sabay-sabay (lahat ng apat na pondo)?

A4.

Para sa Emergency Small Amount Funds at Comprehensive Support Funds (unang loan) ay magsisimula sa pagbabayad mula Enero 2023, Comprehensive Support Funds (extension) ay mula Enero 2024, Comprehensive Support Funds (re-lending) ay mula Enero 2025, kung hindi ibibigay ang exemption.

* Para sa Emergency Small Amount Funds at Comprehensive Support Funds (unang pagkakataon) na mga remittance na nakumpleto pagkatapos ng Enero 2022, magsisimula ang pagbabayad pagkatapos ng isang taon mula kasunod ng buwan kung kailan nakumpleto ang pagpapadala.

Q5. Maaari bang ako mismo magdedesisyon ng redemption period kung kelan ito?

A5. Sa panahon ng deferment period pagkatapos tumanggap ng lahat ng pera, ang

redemption period ay maaaring itakda sa loob ng redemption period na itinatag ng programang ito, ngunit habang ito ay binabayaran, ang redemption period ay hindi pwedeng mababago.

Q6. Maaari ko bang baguhin (bawasan o dagdagan) ang halaga at ibalik ito?

A6. Sa panimula, walang bawas. Posible ang pagtaas ng pagbabayad.

Q7. Kailan magsisimula ang pagbabayad?

A7.

Magsisimula ang pagbabayad,

- Para sa mga Emergency Small Amount Funds at Comprehensive Support Funds (unang loan) ay mula Enero 2023.
 - Para sa Comprehensive Support Funds (extension) ay mula Enero 2024
 - Para sa Comprehensive Support Funds (re-lending) ay mula Enero 2025.
- * Ang mga Emergency Small Amount Funds at Comprehensive Support Funds (unang loan) na nai-remit pagkatapos ng Enero 2022 ay magsisimula ng babayaran pagkatapos ng isang taon mula kasunod ng buwan kung kailan nakumpleto ang pagpapadala.

Q5. Deferment period

Q1. Ano ang deferment period?

A1. Ito ang grace period hanggang sa magsimula ang pagbayad.

Q2. Maaari bang malaman ang detalye tungkol sa pagpapalawig ng deferment period?

A2. Makipag-ugnayan ang aming opisina sa mga eligible para sa extension ng deferment period.

- Emergency Small Amount Funds

Para sa mga pautang na magsisimulang mabayaran bago ang Disyembre 2022, ang panahon ng deferment ay i-eextend hanggang katapusan ng Disyembre 2022.

- Comprehensive Support Funds (unang loan)

Para sa mga pautang na magsisimulang mabayaran bago ang Disyembre 2022, ang deferment period ay i-eextend hanggang katapusan ng Disyembre 2022 (ang pagbabayad ay magsisimula sa Enero 2023).

- Comprehensive Support Funds (extension)

I-eextend ang deferment period hanggang katapusan ng Disyembre 2023 (magsisimula ang pagbabayad mula Enero 2024)

- Comprehensive Support Funds (re-lending)

I-eextend ang deferment period hanggang katapusan ng Disyembre 2024 (magsisimula ang pagbabayad sa Enero 2025)

Q6. Loan withdrawal

Q1. Posible bang withdraw mula sa bank account ng ibang account holder maliban sa mismong nangungutang ang pera?

A1. Bilang general rule, ito ay ibabawas mula sa account sa pangalan ng borrower.

Q2. Paano magparehistro ng bank account para sa pagbayad?

A2. Mangyaring magparehistro sa website.

Kung hindi mo ma-access ang website, mangyaring magsubmit ng Bank Transfer Request Form.

Q3. Walang pera sa aking account sa araw ng pag-withdraw, ano ang dapat kong gawin?

A3. Kung hindi kami makapag-withdraw mula sa account mo, padadalhan ka namin ng convenience store payment slip, kaya mangyaring magbayad gamit nito.

Q4. Aling financial institution ang maaaring gamitin para sa pag-withdrawal? Posible bang mag-withdraw mula sa isang online bank o isang bangko sa ibang bansa?

A4. Pakisuri ang listahan ng mga magagamit na financial institution. Bilang karagdagan, hindi posible na mag-withdraw mula sa bangko na nasa ibang bansa.

Q5. Ano ang nangyari sa nag-rehistro ng redemption account kasabay ng pag-a-apply ng loan noong 2020?

A5. Dahil nagpasya kaming palitan ang kumpanya ng fund transfer, paumanhin ngunit lahat ay kinakailangan magrehistro muli ng withdrawal account.

Q6. Kailan ang buwanang withdrawal date ng redemption money?

A6. Ito ay i-wi-withdraw sa ika-27 ng bawat buwan.

(Kung ang ika-27 ay Sabado, Linggo, o isang public holiday, ito ay gagawin sa susunod na business day)

Q7. Redemption exemption

Q1. Paano ako magiging exempt sa redemption?

A1. Ang timing ng aplikasyon para sa redemption exemption ay nag-iiba depende sa uri ng mga pondong ipinahiram.

Para sa Emergency Small Amount Funds at Comprehensive Support Funds (unang loan), kung ang borrower at ang head of the household ay exempt sa residence tax (parehong per capita basis at income levy) sa 2021 o 2022, magiging exempt ka sa pagbabayad.

Q2. Nag-apply ako para sa isang exemption, kailan ko malalaman ang resulta?

A2. Aabisuhan ka namin sa pamamagitan ng postal mail pagkatapos ng Setyembre 2022.

Q3. Exempted ba sa redemption kung patay na ang borrower?

A3. Dahil ito ay tumutugma sa mga kundisyon para sa redemption exemption, ang tagapagmana, atbp. ay dapat magpadala ng isang sobre sa Special Loan Administration Center. Isulat ang postal code "119-0213" at "Special Loan Administration Center" sa sobre (hindi na kailangang isulat ang address) at magpadala ng Notification of the Death of a Borrower at mga dokumentong nagpapatunay sa pagkamatay (hal., isang kopya ng death certificate o isang sertipiko ng pagtanggap mula sa rehistro ng residente).

(Ang "Notification of Change of Status" ay maaaring i-download mula sa website ng Tokyo Metropolitan Council of Social Welfare.)

Gayunpaman, ang mga pautang na nai-remit pagkatapos ng pagkamatay ay hindi magiging exempted para sa redemption.

Q4. Hanggang kailan ako makakapag-apply para sa redemption exemption?

A4. Ang mga aplikasyon para sa 2022 ay tatanggapin hanggang Agosto 31, 2022 (pagbabasehan ang postmark date).

Q5. Mukhang hindi ako aabot sa deadline ng redemption exemption application, ano ang dapat kong gawin?

A5. Hindi namin matatanggap ang iyong aplikasyon pagkatapos ng deadline (Agosto 31, 2022).

Q6. Kung ako ay tax exempt, ang lahat ba ng 4 na pondo ay magiging exempted?

A6. Ang pagdecision ng redemption exemption ay gagawin para sa bawat pondo. Para sa Emergency Small Amount Funds at Comprehensive Support Funds (unang loan), ito ay gagawin sa 2022, Comprehensive Support Funds (extension) ay gagawin sa 2023, at Comprehensive Support Funds (re-lending) ay gagawin sa 2024.

Q7. Tumatanggap ako ng welfare support (Seikatsuhogo), ma-i-exempt ba ako sa redemption?

A7. Kung nakatanggap ka ng public assistance pagkatapos ng pagsisimula ng pagbayad, ikaw ay magiging exempted para sa redemption.

Q8. Ano ang mangyayari kung naghiwalay ng residence certificate? (Halimbawa, ang address ay hindi nagbago, ngunit magiging isa lang ang miyembro sa household)

A8. Kung ang sambahayan ay hiwalay para makatanggap ng redemption exemption, ang redemption exemption ay hindi nalalapat.

Q9. Ano ang mangyayari kung ang head of household ay pinalitan sa pagitan ng panahon ng aplikasyon para sa loan at panahon ng aplikasyon para sa redemption exemption?

A9. Kung pinalitan mo ang head of household upang makatanggap ng exemption, hindi ito nalalapat sa redemption exemption

Q10. Para sa mga nanghiram ng Emergency Small Amount Funds at Comprehensive Support Funds pagkatapos ng September 2021, kailan maaaring mag-proseso ng redemption exemption?

A10. Ang application period para sa redemption exemption ay hanggang Agosto 31, 2022 (pagbabasehan ang postmark date). Ang abiso ng exemption ay ipapadala pagkatapos ng Abril 2022.

Q11. Hanggang kailan maaaring mag-apply ng redemption exemption?

A11. Hanggang Agosto 31, 2022.

Q12. Paano kung na-bankrupt ako sa panahon ng deferment period?

A12. Kapag naghain ka ng petisyon para sa bankruptcy at kinumpirma na ang exemption, hindi mo na kailangang bayaran ang iyong utang, maliban sa utang na hiniram mo pagkatapos magsimula ang mga paglilitis sa pagka-bankrupt, buwis at multa.

Q13. Ma-i-exempt ba ako sa redemption?

A13. Sa 2022, maaari kang mag-apply para sa redemption exemption para sa mga Emergency Small Amount Funds at Comprehensive Support Funds (sa unang loan). Kung kapwa ang borrower at ang head of the household ng borrower ay "residence tax exempt sa parehong per capita basis at income levy" sa 2021 or 2022, magiging exempted ka.

Q14. Paano ako makakapag-apply para sa redemption exemption?

A14. Bago magsimula ang redemption (sa panahon ng deferment period), ipapadala ng Special Loan Administrative Center ang impormasyon nang direkta sa borrower. Kung nais mong mag-apply para sa exemption pagkatapos matanggap ang impormasyon, kakailanganin mong isumite ang mga sumusunod na dokumento.

- Application form para sa exemption
- Certificate of tax exemption ng "borrower", o "borrower" at "head of household"
- Certificate of residence para sa lahat ng miyembro ng sambahayan

Q15. Bakit hindi ako exempt sa redemption?

A15. Walang exemption kung ang borrower o ang head of the household ay nabubuwan. (Dahil nagbabayad ka o head of the household mo ng residence tax)

Q16. Hindi ko alam kung magiging exempt ako sa redemption. (Ang mga kondisyon sa pagbubuwis bilang pamantayan sa desisyon)

A16.

Para sa ① Emergency Small Amount Funds

② Comprehensive Support Funds (unang loan), magiging exempted ang borrower, kung kapwa ang borrower at ang head of the household ng borrower ay "exempt sa residence tax na parehong per capita basis at income levy" sa 2021 o 2022.

③ Comprehensive Support Funds (extension)

Magiging exempted ang borrower, kung kapwa ang borrower at ang head of the household ng borrower ay "exempt sa residence tax na parehong per capita basis at income levy" sa 2023.

④ Comprehensive Support Funds (re-lending)

Magiging exempted ang borrower, kung kapwa ang borrower at ang head of the household ng borrower ay "exempt sa residence tax na parehong per capita basis at income levy" sa 2024.

Q17. Kailan malalaman exempt ba ako o hindi?

A17. Ipapaalam namin sa iyo sa notice ng pag-apruba (hindi pag-apruba) ng redemption exemption kung ang redemption exemption ay ipinagkaloob o hindi bandang Setyembre 2022.

Q18. Ano ang dapat kong gawin kung hindi ako exempted?

A18. Kinakailangan ang proseso para sa redemption. Mangyaring i-register ang withdrawal account pamamagitan ng Bank Transfer Request Form.

Q19. Ako ay nasa ibang sambahayan sa panahon ng paghiram, ngunit kung ang sitwasyon ng sambahayan ay magbago dahil sa kasal atbp. at ako ay naging head of household sa panahon ng redemption, ako ba ay exempted?

A19. Kung exempt ang borrowerang sa residence tax, ito ay magiging exempt sa redemption. Kinakailangang magsumite ng certificate of residence na nagsasaad ng petsa ng paglipat ng head of household ng borrower.

Q20. Nahawa ako ng COVID-19, kaya gusto kong ma-exempt..

A20. Pakisuri ang mga kinakailangan sa exemption. Pagkahawa ng COVID-19 ay hindi natutugunan ang mga kinakailangan sa redemption exemption.

Q21. Gusto ko pang malaman ang detalye tungkol sa schedule ng Comprehensive Support Funds (extension) at Comprehensive Support Funds (re-lending) redemption exemption.

A21. Gusto ko pang malaman ang detalye tungkol sa schedule ng Comprehensive Support Funds (extension) at Comprehensive Support Funds (re-lending) redemption exemption.

Q8. Abiso ng iba't ibang pagbabago

Q1. Ano ang dapat kong gawin kung lumipat na ako?

A1. Mangyaring ipadala ang "Notice of Change of Address, atbp." at "Copy of Certificate of Residence (ang isa na may lumang address at kasalukuyang address, at ito ay sa loob ng 3 buwan mula sa petsa ng paglabas, at nakasaad ng lahat ng miyembro ng sambahayan)" sa Special Loan Administration Center.

(Para sa paraan ng pag-submit ng Notice of Change of Address, tingnan ang website ng Tokyo Council of Social Welfare, at maaari mo ring i-download ang report form.)

- * Kung gagamit ka ng sarili mong sobre, mangyaring isulat ang postal code na "119-0213" at "To: Special Loan Administration Center" at ipadala ang "Notice of Change of Address" at "Copy of Certificate of Residence". Itong postal code ay eksklusibo sa Special Loan Administration Center (hindi na kailangang ilagay ang address).

Q2. Anong proseso ang kinakailangan kung papalitan ko ang aking apelyido?

A2. Mangyaring ipadala ang "Notice of Change of Address, atbp." at "Copy of Certificate of Residence (ang isa na may lumang address at kasalukuyang address, at ito ay sa loob ng 3 buwan mula sa petsa ng paglabas, at nakasaad ng lahat ng miyembro ng sambahayan)" sa Special Loan Administration Center.

(Para sa paraan ng pag-submit ng Notice of Change of Address, tingnan ang website ng Tokyo Council of Social Welfare, at maaari mo ring i-download ang notification form.)

- * Kung gagamit ka ng sarili mong sobre, mangyaring isulat ang postal code na "119-0213" at "To: Special Loan Administration Center" at ipadala ang "Notice of Change of Address" at "Copy of Certificate of Residence". Itong postal code ay eksklusibo sa Special Loan Administration Center (hindi na kailangang ilagay ang address).

Q9. Tugon sa mga dayuhan

Q1. Halos hindi ako nakaka-intindi ng Japanese.

A1. Ang mga materyales at video sa English, Chinese, Korean, Filipino, Thai, Nepali, at Burmese ay available sa aming website.

Q2. Hindi ko mapunan ang mga dokumento sa Japanese.

A2. Maaari mo itong punan sa iyong sariling wika.

Q3. Nais kong mapadalhan ng documents na hindi sa wikang Hapon (sa nais na wika).

A3. Hindi kami nagpapadala ng mga documents sa mga wika maliban sa Japanese. Nag-publish kami ng mga materyales at video sa English, Chinese, Korean, Nepali, Tagalog, Vietnamese, at Burmese sa aming website.

Q4. Kung ako ay nakauwi sa Pilipinas o nagtrabaho sa ibang bansa nang matagal na panahon, ako ba ay exempt sa redemption kung makapag-submit ako ng tax exemption certificate at certificate of residence?

A4. Ito ay napapailalim sa redemption exemption. Gayunpaman, kung hindi ka naninirahan sa Japan noong Enero 1, 2022, hindi ka bibigyan ng tax exemption certificate at hindi makakatugon sa mga kinakailangan para sa redemption exemption.

Q10. Iba pa

Q1. Pwede bang malaman ang telephone number ng opisina ng Special Loan Administration Center?

A1. Mangyaring tawagan ang numero sa ibaba.

[Mga katanungan tungkol sa pagbabayad]

03-6261-4335 (Weekdays 9:30-17:30)

[Mga katanungan tungkol sa mga pautang]

03-6457-5205 (Weekdays 9:00-17:00)

Q2. Magpapadala ako ng personal na impormasyon, paano ito i-ha-handle?

A2. Ang Tokyo Council of Social Welfare ay nagtatag ng mga regulasyon sa proteksyon ng personal na impormasyon at nagpapatakbo ng proyekto alinsunod sa mga ito. Ang personal na impormasyong ibinigay ay pamamahalaan at gagamitin lamang para sa proyektong ito.

Q3. Na-i-scan ko ang QR code, ngunit hindi ko nag-load ang website.

A3. Marahil ito ay problema ng reading terminal.

Mangyaring i-search ang "Tokyo Council of Social Welfare".

Q4. Gusto kong direktang dalhin ang exemption application form.

A4. Tumatanggap lang kami ng postal mail. Kung ilalagay mo ito sa isang espesyal na sobre, walang postal charge.